

# Nikkei Philippines Manufacturing PMI™

## Pagmamanupaktura, higit pang lumago nitong Hunyo

### Mga pangunahing nalaman:

- Mas mabagal na pagdami ng output at mga bagong order
- Walang pagbabago sa bilang ng trabaho sa pangkalahatan
- Nananatiling matindi ang mga pressure sa inflation

### Nakolekta ang datos noong Hunyo 12-22

Higit pang bumuti ang mga kalagayan ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa pagtatapos ng pangalawang quarter, na lumago dahil sa pagdami ng parehong output at bagong order. Tumaas din ang headline PMI dahil sa mga mas tumaas na imbentaryo ng input at dumaming supply chain. Gayunpaman, hindi naisagawa sa mas malalaking gawain ng pagmamanupaktura na masubok ang kapasidad sa operasyon ng mga kumpanya, gaya ng ipinapahiwatig sa mas kakaunting backlog, na nakaapekto sa pagkuha ng mga tao. Walang pagbabago sa bilang ng trabaho sa pangkalahatan. Samantala, nananatiling mataas ang inflation, gayundin ang kumpiyansa sa negosyo.

Bumaba sa 52.9 ang pana-panahong na-adjust na **Nikkei Philippines Manufacturing Purchasing Managers' Index (PMI™)** sa buwan ng Hunyo mula sa 53.7 noong Mayo, na nagpapakita ng patuloy pa ring pagbuti ng kalagayan ng sektor. Makikita sa datos noong Hunyo na kapansin-pansing mas mataas ang average na tala para sa pangalawang quarter kumpara sa unang quarter ng 2018. Nagbibigay ang headline PMI ng maikling pangkalahatang-ideya ng performance ng sektor ng pagmamanupaktura, na kinuha mula sa mga pagtatanong tungkol sa mga output, bagong order, trabaho, imbentaryo, at tagal ng paghahatid.


Nanatiling malakas ang demand noong Hunyo para sa mga produktong ginagawa sa Pilipinas. Patuloy na tumataas sa kapansin-pansing bilis ang bilang ng mga pumapasok na bagong negosyo, kahit na mas mabagal ito kumpara noong Mayo, na sinusuportahan din ng pagtaas sa bilang ng mga iniluluwas. Bilang tugon sa malakas na demand,

patuloy na dinaragdagan ng mga kumpanya ang produksyon. Batay sa mga pahayag, nahikayat ang mga kumpanyang taasan ang output dahil sa mga pagsisikap na magparami ng mga stock.

Dahil sa mas tumaas na pangangailangan ng output, dinagdagan ng mga kumpanya ang aktibidad ng pagbili na nakadagdag naman sa higit pang pagtaas ng mga stock ng mga pinamili. Gayunpaman, nalimitahan ang pagtaas ng imbentaryo dahil sa mas lumakas na paggamit sa produksyon. Bagama't tumaas ang bilang ng mga stock ng input, bumagsak sa unang pagkakataon sa loob ng apat na buwan ang mga imbentaryo ng mga natapos na produkto. Itinuturo ng mga kumpanya ang tumaas na demand ng mga distributor at pagtaas ng mga benta bilang dahilan ng pagbaba. Samantala, nagdulot ng mas matinding pressure sa mga supply chain ang pagtaas sa pangangailangan ng mga input sa pagmamanupaktura. Pinakamabilis naman sa taong ito ang naging pagbaba ng performance ng vendor.

### Nikkei Philippines Manufacturing PMI

isinasabay batay sa panahon, 50 = walang pagbabago sa nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: Nikkei, IHS Markit

Naiugnay ang mas matagal na paghahatid sa ilang dahilan, kung saan kabilang ang mga kakulangan ng supply, masamang lagay ng panahon, mga kasikipan sa port, at naantalang clearance sa customs.

Sa kabila ng matatag na demand, patuloy na nakikita sa datos ng survey ang mga palatandaan ng hindi nagagamit na kapasidad bilang pahiwatig ng patuloy na pagbaba ng mga backlog ng trabaho, na sitwasyon na sa halos dalawa't kalahating taon. Ayon sa mga kumpanya, nakakatulong ang pagdaragdag ng output at pagpapahusay ng pagkaproduktibo para hindi sila magkaroon ng mga backlog. Gayunpaman, dahil sa kawalan ng pressure sa kapasidad, hindi na kumukuha ng tao ang mga manufacturer. Pagkatapos ng dalawang buwang pagpapalawak, hindi nagkaroon ng pagbabago sa pangkalahatan sa bilang ng mga tauhan noong Hunyo.

Sumabay ang matinding inflation sa paglago ng sektor ng pagmamanupaktura. Nagpatuloy sa matinding pagtaas ang mga gastos sa input, kung saan may kinalaman ang parehong mga domestiko at panlabas na dahilan. May ebidensyang nagsasaad na nakadagdag sa inflation ang bumabang piso, tumaas na mga buwis, at nagmahal na mga presyo ng mga raw material lalo na ang fuel at copper. Dahil dito, muling nagtaas ng mga presyo sa pagbebenta ang mga kumpanya upang protektahan ang mga margin ng kita.

Panghuli, nananatiling mataas ang mga inaasahan sa negosyo kaugnay ng output sa hinaharap. Ang pagkakaroon ng kumpiyansa ay nauugnay sa pangkalahatan sa mga pagtataya ng mas mataas na benta, paglulunsad ng bagong produkto, nakaplanong pagpapalawak ng negosyo, at nadagdagang kapasidad sa operasyon.

**Komento:**

Sa kanyang komento tungkol sa data ng survey ng Filipino Manufacturing PMI, sinabi ng mismong nagsagawa ng survey na si **Bernard Aw**, mula sa IHS Markit na:

*“Sa pagtatapos ng unang kalahati ng taon, patuloy ang ekonomiya ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa pagbawi mula sa epekto ng pagpapatupad ng mga reporma sa buwis na TRAIN sa pagsisimula ng taon. Makikita sa pinakahuling survey ng Nikkei ang pagbuti ng mga kalagayan sa demand sa pagtatapos ng pangalawang quarter.*

*“Ang average na tala ng PMI sa loob ng tatlong buwan hanggang Hunyo ay kapansin-pansing mas mataas kaysa sa average ng unang quarter. Gayunpaman, nananatiling matindi ang inflation ng gastos sa input, dahil sa magkasamang mga domestiko at panlabas na dahilang nagdudulot ng pressure sa pagtaas. Ang pagbaba ng piso, tumaas na mga buwis, mga kakulangan sa supply, mas*

*nagmahal na presyo ng pandaigdigang produkto, lalo na para sa fuel, ay nakadaragdag lahat sa inflation.*

*“Bilang resulta, nananatiling matindi ang mga pagtaas ng pampabrikang presyo, na maaaring maipasa sa inflation ng consumer sa mga susunod na buwan, na samakatuwid ay makadaragdag sa mga inaasahang higit pang pagtaas ng rate. Pumalo ang headline CPI sa pinakamataas na naitala sa anim at kalahating taon noong Mayo, na nagtatala sa dire-diretsong tatlong buwan na mas mataas ang inflation sa 4%, ang itaas na limitasyon sa hanay ng inflation ng bangko sentral.”*

-Wakas-

## Nikkei Philippines Manufacturing PMI™ hatid ng NIKKEI

Ang Nikkei ay isang organisasyon ng media kung saan ang sentro ay ang paglalathala ng pahayagan. Ang aming pangunahin at pang-araw-araw na pahayagan, ang The Nikkei, ay mayroong humigit-kumulang dalawa't kalahating milyong subscriber. Kabilang din sa maraming platform ng media na ginagamit ng Nikkei para sa pagbabahagi ang internet (online), pamamayahag at magazine.

Mula sa aming pagkakatatag noong 1876 bilang Chugai Bukka Shimpo (Mga Balita tungkol sa Mga Presyo sa Loob at Labas ng Bansa), patuloy kaming naghahatid ng de-kalidad na pag-uulat nang hindi kinokompromiso ang katangian nitong patas at walang kinikilingan. Ang brand na Nikkei ay naging kasingkahulugan ng integridad sa sarili nitong bayan at gayundin sa ibang bansa.

Ang Nikkei Inc. ay gumagamit ng maraming platform ng media upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng aming mga mambabasa. Sa sentro ng mga serbisyong ito, naroon ang Nikkei na mayroong sirkulasyong humigit-kumulang dalawa't kalahating milyon. Sa pamamagitan ng de-kalidad na content at malawak na digital technology, lalo pang humuhusay ang mga serbisyong ibinibigay namin. Ang bilang ng mga nagbabayad na subscriber sa Online na Edisyon ng Nikkei, na inilunsad noong 2010, ay mahigit 500,000 na. Ang aming mga may bayad na serbisyo online ay isa sa may mga pinakamalaking bilang ng mga mambabasa sa mundo sa mga naglalathala ng pahayagan. Walong taon matapos itong ilunsad, mula sa pagiging isang medium na naghahatid ng balita sa mga mambabasa, naging instrumento na ang online na edisyon na nakakatulong sa pagsulong ng mga tao sa mga larangan ng trabahong kinabibilangan nila.

Noong 2013, pinasinayaan namin ang Nikkei Asian Review, isang serbisyo sa balita na nasa wikang Ingles na mayroong online site at lingguhang naka-print na magazine. Noong sumunod na taon, nagtatag kami ng Editorial Headquarters para sa Asya na matatagpuan sa Bangkok upang mas mapalawak ang aming coverage sa mga balitang may kaugnayan sa ekonomiya ng Asya. Bukod pa rito, dinoble namin ang bilang ng mga reporter sa Asya sa labas ng Japan. Taong 2014 din noong pinasinayaan ang Nikkei Group Asia Pte., isang bagong kumpanya sa Singapore na may layuning palaganapin ang brand na Nikkei sa rehiyon. Layunin naming gawing nangungunang tinig sa pamamahayag ang Nikkei sa Asya.

<http://www.nikkei.co.jp/nikkeiinfo/en/>

### NIKKEI ASIAN REVIEW <http://asia.nikkei.com/>

**IPINAPAKILALA ANG TANGING PUBLICATION PARA SA NEGOSYO NA NAGBIBIGAY NG MGA PANANAW TUNGKOL SA ASYA, MULA SA LOOB AT LABAS NITO**

Sa pamamagitan ng mas maraming reporter at contributor sa buong rehiyon, kumpara sa anumang iba pang publication tungkol sa negosyo, Nikkei Asian Review lang ang makapagbibigay sa iyo ng pagtingin sa negosyo sa Asya, mula sa Asya mismo.

Huwag magpahuli sa mga pinakabagong balita, analysis at pananaw sa pamamagitan ng pag-subscribe sa Nikkei Asian Review – na available sa print, online at sa iyong mobile at tablet device.



#### Asia300:

Nagbibigay ng malawak na coverage sa mahigit 300 kumpanya sa 11 bansa at rehiyon sa Asya. Layunin ng Nikkei Asian Review na mabuo ang pinakamalaking hub para sa mga balita tungkol sa negosyo sa Asya sa pamamagitan ng pinahusay na pag-uulat na sinusuportahan ng malaking database ng impormasyon sa negosyo at pananalapi sa mga kumpanya sa rehiyon.

**UPDATE SA JAPAN:**

Pinapanatili kang updated sa negosyo at balita mula sa Japan.

**MGA VIEWPOINT:**

Sa pamamagitan ng aming column na "Tea Leaves" na isinusulat ng ilan sa pinakamahusay naming manunulat, naghahatid kami ng mga pananaw ng mga matagumpay na negosyante sa Asya mula sa buong mundo.

**PULITIKA AT EKONOMIYA:**

Pagsipat sa patakaran sa usapin ng pananalapi, mga kaganapan sa buong mundo at higit pa.

**MGA MERKADO:**

Malalim na analysis ng mga merkado, na may kasamang detalyadong balita sa industriya upang hindi ka mahuli sa ilan sa mga pinakamabilis na lumagong sektor sa rehiyon.

**Video:**

Panoorin ang mga analyst sa pagpapaliwanag nila sa aming mga artikulo at huwag palampasin ang mga panayam sa mga executive ng malalaking kumpanya.

**Print Edition:**

Lingguhang magpapadala ng pinakamagagandang content mula sa Nikkei Asian Review sa inyong bahay o opisina.

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:****IHS Markit (Tungkol sa PMI at sa komento nito)**

Bernard Aw, Ekonomista  
Telepono 65 6922-4226  
Email [bernard.aw@ihsmarkit.com](mailto:bernard.aw@ihsmarkit.com)

Jerrine Chia, Marketing and Communications  
Telepono +65 6922-4239  
E-mail [jerrine.chia@ihsmarkit.com](mailto:jerrine.chia@ihsmarkit.com)

**Nikkei inc. (Tungkol sa Nikkei)**

Ken Chiba, Deputy General Manager, Public Relations Office  
Atsushi Kubota, Manager, Public Relations Office  
Telepono 81-3-6256-7115  
Email [koho@nex.nikkei.co.jp](mailto:koho@nex.nikkei.co.jp)

**Mga Tala para sa Mga Patnugot:**

Ang Nikkei Philippines Manufacturing PMI™ ay batay sa pinagsama-samang data mula sa mga buwanang tugon sa mga questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing executive sa mahigit 400 kumpanya sa industriya. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa GDP at dami ng empleyado ng kumpanya. Ang sektor ng manufacturing ay hinati-hati sa 8 sumusunod na malalawak na kategorya: Mga Pangunahing Metal, Mga Kemikal at Plastic, Elektrikal at Optikal, Pagkain at Inumin, Mechanical Engineering, Larangang Nauugnay sa Tela at Pananamit, Troso at Papel, Transportasyon.

Sinasalamin ng mga tugon sa survey ang pagbabago, kung mayroon, sa kasalukuyang buwan kumpara sa nakaraang buwan batay sa nakolektang data sa kalagitnaan ng buwan. Sa bawat indicator, ipinapakita sa 'Ulat' ang porsyentong nagpahayag ng bawat tugon, ang kabuuang pagkakaiba sa bilang ng mga tugon na mas mataas/mas mahusay at tugon na mas mababa/mas bumagsak, at ang index ng 'diffusion.' Ang index ay ang kabuuan ng mga positibong tugon kasama ang kalahati ng bilang ng mga tugon na 'walang pagbabago.' Ang mga diffusion index ay may mga katangian ng mga nangungunang indicator, at ang mga ito ay buod ng mga sukat na madaling maunawaan na nagpapakita ng umiiral na direksyon ng pagbabago. Ang resulta ng index na mas mataas sa 50 ay sumasalamin sa kabuuang pagtaas sa variable na iyon, habang ang mas mababa naman sa 50 ay sumasalamin sa kabuuang pagbaba.

Ang Nikkei Philippines Manufacturing PMI™ ay isang composite index batay sa lima sa mga indibidwal na index: Mga Bagong Order - 0.3, Output - 0.25, Employment - 0.2, Mga Oras ng Pag-deliver ng Mga Supplier - 0.15, Stock ng Mga Item na Nabili - 0.1, kung saan ang index na Mga Oras ng Pag-deliver ay ibinaligtad upang gumalaw din ito sa parehong direksyon.

Hindi binabago ng IHS Markit ang pinagbabatayan nitong data ng survey pagkatapos ng unang pag-publish, ngunit maaaring baguhin ang mga salik ng pag-a-adjust na batay sa panahon paminsan-minsan kung kinakailangan na makakaapekto sa serye ng data na na-adjust batay sa panahon. Ang dating data na nauugnay sa mga pinagbabatayang (hindi na-adjust) numero, ang mga unang na-publish na serye na pana-panahong ina-adjust at ang binagong data ay makukuha ng mga subscriber mula sa IHS Markit. Mangyaring mag-email sa [economics@markit.com](mailto:economics@markit.com).

**Tungkol sa IHS Markit ([www.ihsmarkit.com](http://www.ihsmarkit.com))**

Ang IHS Markit (Nasdaq: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

*Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2018 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.*

**Tungkol sa PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI™) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>

**Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa Nikkei Philippines Manufacturing PMI™ na isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na nagreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI™ ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. May lisensya ang Nikkei na gamitin ang mga trade mark na makikita sa itaas. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.**

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa [joanna.vickers@ihsmarkit.com](mailto:joanna.vickers@ihsmarkit.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).